PHILRECA, suportado ang 'rural electrification' ng administrasyong Marcos; nanawagan sa agarang pag-amyenda ng EPIRA

Matapos ang 2025 State of the Nation Address **#SONA2025** ni Pangulong Ferdinand “Bongbong” Marcos Jr., kinilala ng Philippine Rural Electric Cooperatives Association, Inc. (PHILRECA) ang mga pangunahing isyu sa sektor ng enerhiya na binigyang-diin ng Pangulo: ang kawalan pa rin ng kuryente sa ilang lugar, ang patuloy na brownout, at ang mataas na presyo ng kuryente.

Nagpahayag ng pasasalamat ang PHILRECA sa pagtutok ng administrasyon sa pagpapailaw sa natitirang mga kabahayan na wala pang kuryente. Ayon sa Pangulo, mula sa 5 milyong kabahayan na walang kuryente noong 2022, mahigit 2.5 milyon na ang nakabitan sa loob lamang ng tatlong taon. Inaasahan ding matatapos ang halos 200 planta sa susunod na taon upang matugunan ang pangangailangan ng mahigit 4 milyong kabahayan, 2,000 pabrika, at 7,000 tanggapan at negosyo.

Kasabay nito, pinuri rin ng PHILRECA ang paggamit ng Solar Home System (SHS) bilang isa sa mga estratehiya upang maabot ang natitirang mahigit isang milyong kabahayan sa 2028. Anang asosasyon, mahalagang ituloy ang mga hakbang na magbibigay daan hindi lamang sa mas murang kuryente kundi pati na rin sa pagkakataon na maibenta ng mga MCO ang sobrang enerhiya sa pamamagitan ng net metering program.

Tungkol naman sa lifeline rate, suportado ng PHILRECA ang pagpapalawig ng benepisyong ito para sa mga pamilyang miyembro ng 4Ps at mga nasa listahanan. Gayunman, nananawagan ang asosasyon na ang pamahalaan ang dapat magpondo at magbigay ng subsidiya para sa benepisyong ito, sa halip na maipataw lamang ang karagdagang pasanin sa mga non-lifeliners. Sa kasalukuyan, ang karagdagang gastos na dulot ng lifeline rate ay nakapatong sa mga konsumer na hindi kabilang sa lifeline beneficiaries. Layunin ng mungkahing ito na mabawasan ang bigat ng bayarin ng mga ordinaryong konsyumer.

Samantala, hindi natalakay sa 2025 SONA ang usapin ng pag-amyenda sa Electric Power Industry Reform Act (EPIRA) of 2001. Noong 2024 SONA, hinimok mismo ng Pangulo ang Kongreso na pag-aralan kung kinakailangan nang amyendahan ang EPIRA dahil sa mataas na presyo ng kuryente at pasaning dulot nito sa mga negosyo at mamamayan. Gayunman, sa pagtatapos ng 19th Congress, nabigong maipasa ang anumang batas kaugnay nito.

“Muling nananawagan ang PHILRECA sa pangulo at sa ating mga mambabatas sa 20th Congress na gawing prayoridad ang pag-amyenda sa EPIRA,” ayon sa asosasyon.

Sa huli, tiniyak ng PHILRECA ang buong suporta nito sa mga programa ng Department of Energy (DOE), National Electrification Administration (NEA), at Energy Regulatory Commission (ERC) upang maisakatuparan ang target ng 100% household electrification sa bansa bago matapos ang 2028.